


Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik

Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Pagbibigay Kahulugan sa mga Konseptong Kaugnay ng Pananaliksik



**Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik
Alternative Delivery Mode**

**Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Pagbibigay Kahulugan sa mga Konseptong Kaugnay
ng Pananaliksik
Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Lina M. Munar, Jeselle Anne Claire V. Sarito

Editor: Maria Leilane E. Bernabe

Tagasuri: Elma H. Ilagan, Lawrence Aytona, Jaime G. Caro, Jr. Felanie J. Rodriguez,
Jericho G. Santiago, Ricardo R. David III, Waela Ahmed Khalif D. Al Ayed

Tagaguhit: Mary Laila Jane Paras, Julienne F. De Mesa

Tagalapat: Nolan Severino R. Jusayan, Reden M. Cruzado

Tagapamahala: Francis Cesar B. Bringas
Job S. Zape, Jr.
Ramonito O. Elumbaring
Reicon C. Condes
Elaine T. Balaogan
Fe M. Ong-ongowan
Rosemarie D. Torres
Ivan Brian I. Inductivo
Glenda DS. Catadman
Feliz A. Tayao
Josephine P. Canlas

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Brgy. San Isidro, Cainta, Rizal

Telefax: 02-8682-5773/8684-4914/8647-7487

E-mail Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph

Pagbasa at Pagsusuri ng Iba't Ibang Teksto Tungo sa Pananaliksik

**Ikaapat na Markahan – Modyul 2:
Pagbibigay Kahulugan sa mga
Konseptong Kaugnay ng
Pananaliksik**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Pagbati at naging mahusay ang iyong pagsusuri sa ilang halimbawang pananaliksik sa Filipino. Halina't ipagpatuloy natin ang paglalakbay sa mundo ng pananaliksik. Katulad ng unang modyul, ito rin ay kinapapalooban ng Alamin, Subukin, Balikan, Tuklasin, Suriin, Pagyamanin, Isaisip, Isagawa, Tayahin, at Karagdagang Gawain na lilinang sa mga kasanayang inaasahan ng mga mag-aaral sa ikalabing-isang baitang. Sa modyul na ito ay inaasahang malilina ang kasanayan mo sa pagbibigay ng kahulugan sa mga konseptong kaugnay ng pananaliksik tulad ng balangkas konseptwal, balangkas teoretikal, datos empirikal, atbp.

Kasanayang Pampagkatuto:


- Nabibigyang kahulugan ang mga konseptong kaugnay ng pananaliksik (Halimbawa: balangkas konseptwal, balangkas teoretikal, datos empirikal, atbp.) **(F11PT-IVcd-89)**

Layunin:

1. Natutukoy ang kahulugan ng balangkas konseptwal, balangkas teoretikal, datos empirikal, atbp.
2. Nakikilala ang mga konseptong kaugnay ng pananaliksik batay sa kahulugan nito.
3. Nagagamit ang konseptong kaugnay ng pananaliksik ayon sa kahulugan nito.



Ako si Titser _____ na iyong makakasama. Narito ako upang tumulong sa iyo sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga mahahalagang kaalaman at impormasyon na tiyak na makatutulong sa iyong pag-unlad.



Subukin

Piliin ang tamang sagot. Isulat ang napiling sagot sa isang hiwalay na papel.

1. Ang datos empirikal ay mga impormasyong nakalap mula sa kombinasyon ng dalawa o higit pang metodo ng pananaliksik na maaaring sa obserbasyon, pakikipanayam, at ekperimentasyon o iba pang pamamaraan.
 - A. Datos Empirikal
 - B. Datos Numerikal
 - C. Sarbey
 - D. Talang Marhinal
2. Ito ay paglalarawan sa datos sa paraang patalata.
 - A. grapikal
 - B. narativ
 - C. tabular
 - D. tekstwal
3. Paglalarawan ito sa datos gamit ang biswal na representasyon katulad ng *line graph*, *pie graph*, at *bar graph*.
 - A. grapikal
 - B. narativ
 - C. tabular
 - D. tekstwal
4. Gumagamit ito ng istatistikal na talahanayan sa paglalarawan ng datos.
 - A. grapikal
 - B. narativ
 - C. tabular
 - D. tekstwal
5. Ang konseptuwal na balangkas ay naglalaman ng konsepto ng mananaliksik hinggil sa pag-aaral na isinasagawa.
 - A. Datos Empirikal
 - B. Datos na Tekstwal
 - C. Balangkas Konseptwal
 - D. Balangkas Teoretikal
6. Ang teoretikal na balangkas ay nakabatay sa mga umiiral na teorya sa iba't ibang larang na may kaugnayan o repleksyon sa layunin o haypotesis ng pananaliksik.
 - A. Datos Empirikal
 - B. Datos na Tekstwal
 - C. Balangkas Konseptwal
 - D. Balangkas Teoretikal

7. Ito ay nababagay gamitin kung may dalawa o higit pang datos na magkahiwalay at ipinaghahambing.
 - A. *Bar graph*
 - B. *Line graph*
 - C. *Pictograph*
 - D. *Pie graph*

8. Ito ay nababagay gamitin kung nais ipakita ang pagbabago sa baryabol o numero sa haba ng panahon.
 - A. *Bar graph*
 - B. *Line graph*
 - C. *Pictograph*
 - D. *Pie graph*

9. Isang bilog na nahahati sa iba't ibang bahagi upang maipakita ang pagkakaiba-iba ng bilang ng isang grupo ayon sa mga kategorya ng iyong pag-aaral.
 - A. *Bar graph*
 - B. *Line graph*
 - C. *Pictograph*
 - D. *Pie graph*

10. Ayon sa isang eksperto sa pananaliksik, ang mga sumusunod ay ilan lamang sa mga punto na maaaring gamitin sa paghahanda ng teoretikal na balangkas, maliban sa isa, alin ito?
 - A. Pagbabasa at pagbabalik-aral sa mga kaugnay na literatura ng iyong paksa
 - B. Pagtatala ng kabuoan at baryabol na maaaring makaapekto sa paksa
 - C. Pagsipat sa iba pang mga baryabol na kaugnay ng paksa
 - D. Pagwawalang bahala sa pagtukoy sa pangunahing layunin ng paksa

Ang mga sumusunod ay mga katangian ng balangkas konseptuwal at balangkas teoretikal. Isulat sa iyong sagutang papel ang **BK** kung ang pahayag ay tumutukoy sa Balangkas Konseptwal at **BT** naman kung ito ay tumutukoy sa Balangkas Teoretikal.

11. Nakabatay sa mga konseptong may kaugnayan sa pangunahing baryabol ng pananaliksik.
12. Hindi pa tinatanggap ngunit isinasangguni ng manunulat batay sa suliranin ng pananaliksik na ginagawa.
13. Ito ay may *focal point* para sa dulong na gagamitin sa saliksik sa isang tiyak na larang upang masagot ang katanungan.
14. Ito ay ginagamit sa pagpapaunlad ng teorya.
15. Ito ay ginagamit upang subukin ang isang teorya.
16. Mahusay ang pagkakabuo, disenyo, at tinatanggap na.
17. Hindi pa tinatanggap ngunit isinasangguni ng manunulat batay sa suliranin ng pananaliksik na ginagawa.
18. Modelong binuo ng mananaliksik batay sa mga baryabol ng papel.
19. Mas malawak ang mga nilalatag na ideya.
20. Mas tiyak ang mga ideya.

Aralin

1

Pagbibigay Kahulugan sa mga Konseptong Kaugnay ng Pananaliksik

Sa modyul na ito inaasahang magtutuo tayo sa pagbibigay kahulugan sa mga konseptong kaugnay ng pananaliksik.

Ang pagbibigay kahulugan ay isang eksposisyon na tumatalakay o naglalahad ng depinisyon o kahulugan sa isang salita. Ito rin ay paglillinaw sa kahulugan ng isang salita upang tiyak na maunawaan. Bawat disiplina o larang ay may mga jargon o teknikal na katangian na kinakailangan ng paglililaw o pagpapaliwanag.



Balikan

Ngayon ating balikan ang iyong mga natutunan sa Modyul 1.

Panuto: Suriin ang ilang mga bahagi ng pananaliksik sa Filipino. Lagyan ng **1** ang Layunin, **2** ang Gamit, **3** ang Metodo, at **4** ang Etika ng pananaliksik. Kopyahin at isulat ang wastong bilang sa inyong sagutang papel.

- _____ Magsasagawa ang mga mananaliksik ng panayam at magbibigay rin ng sarbey upang malaman ang naging epekto ng pandemya sa kanila.
- _____ Tutukuyin ang mga epekto ng *COVID-19* sa mga kabataang mag-aaral.
- _____ Hihingi ng pahintulot sa mga magulang ng mga respondente bago gawin ang mga panayam at pagbibigay ng sarbey.
- _____ Ang impormasyong makukuha sa saliksik ay makatutulong upang matugunan ang mga positibo o negatibong epekto nito sa mga kabataan.



Mga Tala para sa Guro

“Magaling! Nasuri mo ang mga bahagi ng pananaliksik. Ngayon naman ay muli mo akong samahan upang maipagpatuloy natin ang pagtuklas sa mundo ng pananaliksik.”



Tuklasin

Panuto: Basahin ang teksto sa ibaba. Sagutan sa sagutang papel ang mga tanong.

Edukasyon sa Gitna ng Pandemya ni Jac Sarito

Isa sa kinahaharap ngayon ng bansa ay ang hamon nang muling pagsisimula ng klase sa Agosto 24, 2020 batay na rin sa isinaad ni Gng Briones, Kalihim ng Kagawaran ng Edukasyon.

Hati ang saloobin ng mga Pilipino hinggil sa naging panukala ng kalihim. May sumasang-ayon, may tumatanggi at umusbong ang maraming agam-agam at mga katanungan dahil sa muling pagbubukas ng klase sa panahon ng pandemya dulot ng *COVID-19*.

Sa kabila nito, naglahad ng mga solusyon ang Kagawaran ng Edukasyon upang maipakitang kakayanin ang hamon o suliraning ito. Inilatag ng kagawaran ang pagkakaroon ng iba't ibang pamamaraan o modalities ng pagkatuto: **Online Learning, Blended Learning, Modular Learning, telebisyon, at radyo**, binigyang diin na hindi kailangan ang **Face to Face Learning** hangga't hindi pa ito pinahihintulatan ng pamahalaan at hindi pa ligtas lalo na sa mga mag-aaral.

Bukod dito, upang mapanatili ang kaligtasan ng mga mag-aaral, guro at magulang sa **enrollment o pagpapatala**, nagbigay ng iba't ibang paraan ng pagpapatala katulad ng **online enrollment, pagpapadala ng mensahe/text, pagtawag/call**, at kung talagang hindi kakayanin ang mga naunang paraan saka lamang **pupunta sa paaralan**. Ito ay isasagawa batay sa ligtas na pamamaraan.


Habang papalapit ang klase, patuloy ang paghahanda ng mga guro, administrasyon at mga ahensya upang masiguro ang maayos na pagbubukas ng paaralan.

Sa kabila ng suliranin, may mga solusyon upang ang edukasyon ay sumulong, kailangan lamang ang pakikiisa upang ito ay maging matagumpay.

Bigyang-pagsusuri ang binasang teksto at sagutin ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang suliranin sa teksto? _____

Pansinin ang mga nakadiin (**bold**) na salita, paano nito nabigyan ng solusyon ang suliranin?



Suriin

Pagbati at naging mahusay ang iyong pagsusuri sa ilang halimbawang pananaliksik sa Filipino. Halina't ipagpatuloy natin ang paglalakbay sa mundo ng pananaliksik. Katulad ng unang aralin, ito rin ay kinapapalooban ng pagtalakay at mga Gawaing Pampagkatuto na lilinang sa mga kasanayang inaasahan sa mga mag-aaral sa ikalabing-isang baitang. Sa aralin na ito ay inaasahang malilinan ang kasanayan mo sa pagbibigay ng kahulugan sa mga konseptong kaugnay ng pananaliksik tulad ng balangkas konseptwal, balangkas teoretikal, datos empirikal, atbp.

Ang pagbibigay kahulugan ay isang eksposisyon na tumatalakay o naglalahad ng depinisyon o kahulugan sa isang salita. Ito rin ay paglilinaw sa kahulugan ng isang salita upang tiyak na maunawaan. Bawat disiplina o larang ay may mga jargon o teknikal na katangian na kinakailangan ng paglilinaw o pagpapaliwanag.

Ayon kina Grant at Osaloon (2014) sa dyornal ni Adom (2018), ang balangkas ay nagsisilbing 'blueprint' o gabay sa pananaliksik. Ito ay mahalagang bahagi ng pananaliksik upang matiyak ang landas na tinutungo habang ginagawa ang papel at maiwasan ang paglihis sa paksang napili. Ang balangkas na ito ay makatutulong sa mga mananaliksik bilang pundasyon ng tila binubuong gusali.

Balangkas Teoretikal

Ang teoretikal na balangkas ay nakabatay sa mga umiiral na teorya sa iba't ibang larang na may kaugnayan o repleksyon sa layunin o haypotesis ng pananaliksik (Adom, 2018)

Isinaad din ni Akintoye (2015) sa parehong dyornal na mahalaga ang teoretikal na balangkas upang matulungan ang mananaliksik sa paghahanap sa angkop na dulog, analitikal na kaparaanan, at mga hakbangin ukol sa katanungan o layunin ng saliksik na ginagawa. Sa pamamagitan nito mas binigyang lalim at paglalapat ang ginagawang saliksik.

Ayon kina Simon at Goes (2011) narito ang ilan sa mga punto na maaaring gamitin sa paghahanap ng teoretikal na balangkas:

1. Ang pagtukoy sa pangunahing layunin ng paksa
2. Alamin ang mga pangunahing baryabol ng ginagawang saliksik
3. Pagbabasa at pagbabalik-aral sa mga kaugnay na literatura ng iyong paksa
4. Pagtatala ng kabuoan at baryabol na maaaring makaapekto sa paksa
5. Pagsipat sa iba pang mga baryabol na kaugnay ng paksa
6. Pagrererebisa ng saliksik habang idinadagdag ang salitang teorya
7. Pag-iisa-isa sa mga teoryang nasaliksik at kaugnayan nito sa iyong papel
8. Pagtingin sa iba pang teorya na humahamon sa perspektibo ng napiling teorya
9. Pagsasaisip ng mga limitasyon ng napiling teorya

Isang halimbawa ng teorya ay *Attachment Theory* ni John Bowlby (1971) na ginamit sa pananaliksik na pinamagatang *Mga Batas ukol sa Child Abuse* ni Abadejos. Napili nila ang teorya sapagkat ito ang sumasagot sa baryabol nilang *child abuse* na pumapaksa sa pagkawalay sa ina bilang isang dahilan ng pagkakaroon ng pang-aabuso sa mga bata.

Kung iyong mapapansin, ang *Attachment Theory* na ginamit sa papel ay isang subok na teorya na kinikilala ng iba pang mga pantas. Ito rin ay sumasagot sa kung bakit nga ba nagkakaroon ng pang-aabuso sa baryabol na “*child abuse*”.

Balangkas Konseptwal


Ang konseptwal na balangkas ay naglalaman ng konsepto ng mananaliksik hinggil sa pag-aaral na isinasagawa. Ito ang pangunahing tema at panuntunan ng pagsisiyasat. Ang nasabing balangkas ay ipinakikita sa isang paradigma ng pananaliksik na kailangan maipaliwanag nang maayos.

Isinaad naman nina Grant at Osanloo (2014) na ito ay naglalahad ng estruktura na nagpapakita kung paano binibigyang kahulugan ng mananaliksik ang pilosopikal, epistemolohikal, metodolohikal, at analitikal ang kaniyang ginagawang pananaliksik (Adom, 2018).

Ito rin ay pinagsama-samang magkakaugnay na konsepto upang maipaliwanag o masagot ang haypotesis ng ginagawang saliksik (Imenda, 2014). Sapagkat ito ay magkakaugnay na konsepto, ito ay dapat na nakaayos sa lohikal na estruktura sa tulong ng larawan o biswal na nagpapakita ng pagkakaugnay ng mga idea (Grant at Osanloo, 2014).

Halimbawa, ang iyong paksa ay ukol sa “Mga Paraan sa Pag-iingat sa Kalikasan”, mula rito, ito ang iba’t ibang konsepto na nabuo ng mga mananaliksik upang masukat ang kanilang baryabol ukol sa “paraan sa pag-iingat”.

“Mga Paraan sa Pag-iingat sa Kalikasan”



Kung iyong susuriin, mapapansing nagtataglay ito ng IBA-IBANG konsepto upang matugunan ang baryabol o suliranin hinggil sa kalikasan. Totoong ang ilan dito ay mula sa kilalang batas o pantas ngunit ito ay ISINAMA sa iba pang konsepto at nabuo ng mananaliksik ang konseptong ito na ipinakikita sa dayagram.

PAGKAKAIBA NG BALANGKAS NA TEORETIKAL AT KONSEPTWAL (Adom, 2018)

Balangkas Teoretikal	Balangkas Konseptwal
Mas malawak ang mga nilalatag na idea	Mas tiyak ang mga idea
Nakabatay sa mga teoryang umiiral na subok at may balidasyon ng mga pantas	Nakabatay sa mga konseptong may kaugnayan sa pangunahing baryabol ng pananaliksik
Isang modelo batay sa isang pag-aaral	Modelong binuo ng mananaliksik batay sa mga baryabol ng papel. Maaari rin itong kumuha ng mga modelo o mga teorya na aakma sa layunin ng pananaliksik
Mahusay ang pagkakabuo, disenyo at tinatanggap na	Hindi pa tinatanggap ngunit isinasangguni ng mananaliksik batay sa suliranin ng pananaliksik na ginagawa
Ito ay may <i>focal point</i> para sa dulong na gagamitin sa saliksik sa isang tiyak na larang upang masagot ang katanungan	Balangkas na nagtataglay ng lohika kung paano masasagot ang mga katanungan ng ginagawang saliksik
Ito ay mga teorya na magkakaugnay para sa proposisyon ng papel	Pinagsasamang mga konsepto na magkakaugnay upang masagot ng mananaliksik ang suliranin o layunin ng papel
Ito ay ginagamit upang subukin ang isang teorya	Ito ay ginagamit sa pagpapaunlad ng teorya

DATOS EMPIRIKAL

Ang datos empirikal ay mga impormasyong nakalap mula sa kombinasyon ng dalawa o higit pang metodo ng pananaliksik (obserbasyon, pakikipanayam, at/o ekperimentasyon, atbp.). Ito ay dumadaan sa pagsusuri at maaaring mapatunayan na totoo o hindi, makabuluhan o hindi.

TATLONG URI NG DATOS EMPIRIKAL

- 1. Tekstwal.** Paglalarawan sa datos sa paraang patalata.
Halimbawa:


Ayon sa UNESCO (2020) 87% o 1.5 bilyon na mag-aaral ang naapektuhan nang dahil sa 2019 N Corona Virus sa buong mundo at 28 milyong naman ang naapektuhan sa Pilipinas.

2. **Tabular.** Paglalarawan sa datos gamit ang istatistikal na talahanayan.
Halimbawa:


Ilang Lalawigan sa Cavite	Online Learning	Television	Radio	Modular Learning	Blended Learning
Bacoor	3046	398	120	5700	6900
Imus	4025	1098	370	7098	8929
Dasmariñas	3098	1209	405	9091	10,901

3. **Grapikal.** Paglalarawan sa datos gamit ang biswal na representasyon katulad ng *line graph*, *pie graph*, at *bar graph*.

Line Graph. Maaaring gamitin kung nais ipakita ang pagbabago sa baryabol o numero sa haba ng panahon.




Pie Graph. Isang bilog na nahahati sa iba't ibang bahagi upang maipakita ang pagkakaiba-iba ng bilang ng isang grupo ayon sa mga kategorya ng iyong pag-aaral.




Bar Graph. Maaaring gamitin kung may dalawa o higit pang datos na magkahiwalay at ipinaghahambing.

Halimbawa:



Tandaan na may tatlong konsepto ng pananaliksik tayong tinalakay, ang Balangkas Teoretikal, Balangkas Konseptwal at Datos Empirikal kaya't huwag iwawaglit ang mga ito sa iyong isipan. Malaki ang maitutulong nito sa mga susunod na mga gawain.

Pagbutihin mo!



Pagyamanin

PAGSASANAY A

Basahin at suriing mabuti ang dalawang halimbawa ng Abstrak na nasa ibaba. Pagkatapos ay sagutan sa iyong sagutang papel ang mga kasunod na tanong.

Mga Batas Ukol sa Child Abuse

Alyнна Joyce S. Abadejos, Karl Cyrille D. Bello,
Stanley Lawrence B. Chua, at Katrina Ysabel L. Salita

**Ito ay ilang bahagi lamang ng kanilang pananaliksik.*

Dalawang teorya ang pinagbasehan ng mga mananaliksik ukol sa sanhi ng mga pang-aabuso sa bata upang magabayan sila sa riserts na kanilang gagawin. Ang mga teoryang ito ay ang *attachment theory* at *learning theory*.

Nagmula ang dogma ng *attachment theory* kay John Bowlby (1971) noong ikalawang digmaang pandaigdig. Ayon sa kaniya, ang pagkawalay ng bata mula sa kaniyang ina sa unang limang taon ng kaniyang pagkabuhay ay maaaring magkaroon ng nakapipinsalang epekto sa emosyonal na aspekto ng bata na maaaring magbunga sa ilang sikolohikal at sosyal na problema sa kaniyang paglaki, kagaya ng pagkawala ng interes sa mga bagay-bagay at pagiging pabaya o delinkuwente.

Ang learning theory naman ay isang konsepto kung saan ang ugali ay nasusukat, o natutunan sa pamamagitan ng pakikisalamuha ng isang indibidwal sa kalikasan at lipunan. Ayon kina Pavlov at Skinner, ang ugali ay nagmumula sa mga external stimuli o mga bagay na nararanasan ng isang indibidwal sa kaniyang paligid. Mula dito, napagtanto nila na kung ano ang hindi nakikita ng isang indibidwal ay hindi umiiral sa totoong buhay.

Sanggunian: De La Salle University Manila, "Mga Batas Ukol sa Child Abuse", Nakuha noong Hunyo 10, 2020, https://d1wqtxts1xzle7.cloudfront.net/53835582/Child_Abuse.pdf?1499851670=&response-content-disposition=inline%3B+filename%3DMga_Batas_Ukol_sa_Child_Abuse.pdf

PAGSASANAY B

Pananaliksik Ukol sa Depresyon at Pagkabahala

**Ito ay ilang bahagi lamang ng pananaliksik.*

Ang mga karaniwang nagiging biktima ay ang mga mag-aaral sa kolehiyo subalit mayroon ding ilang nasa sekondarya. Isa sa mga tinitingnang dahilan sa mga insidenteng ito ay ang dami ng mga gawaing pang akademiko na naiipon sapagkat hindi binibigyang-halaga ang oras. Karamihan sa mga mag-aaral ay pinipiling gawin ang sabay-sabay na mga gawain isang linggo bago ang itinakdang panahon o mas mababa pa sa isang linggo. Dahil dito, hindi nila maiwasang mabahala na kalauna'y maaaring magbunga ng depresyon. Bukod pa rito, ang mga problemang kinahaharap ng bawat isa ay hindi rin natin maaaring isantabi. Ang bugso ng mga gawaing pang-akademiko, ang mga problemang kinahaharap sa pisikal, emosyonal, mental, pinansyal, at marami pang iba ay nakadaragdag ng posibilidad upang ang isang tao ay makaranas ng sinasabing depresyon. Datapwat, hindi dapat nating alisin sa ating pag-iisip na ang buhay ay tunay ngang punong-puno ng pagsubok. Mga pagsubok na maaaring magpalakas o maging dahilan ng ating pagbagsak

Sanggunian: Pananaliksik ukol sa Depresyon at Pagkabahala. Binuksan noong Hunyo 11, 2020, <https://pdfslide.net/documents/pananaliksik-ukol-sa-depresyon-at-pagkabahala.html>

1. Ano ang balangkas na ginamit upang masagot ang suliranin o layunin ng pananaliksik?

Pagsasanay 1: _____

Pagsasanay 2: _____

2. Ipaliwanag ang iyong naging sagot.

Pagsasanay 1: _____

Pagsasanay 2: _____

PAGSASANAY C

Pumili ka ng **isang** suliranin o paksa sa ibaba. Mula sa napili mong suliranin magsaliksik ka ng mga teorya o pamamaraan upang mabigyan mo ito ng solusyon o lunas. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

- A. Pagiging Laging Huli o Liban sa Klase
- B. Pagkakaroon ng Mababang Marka
- C. Pisikal o Birtwal (*Cyber*) na Pambubulalas (*Bullying*)
- D. Pagharap sa Hamon ng *Covid-19*
- E. Depresyon: Dulot ng *Covid-19*
- F. Mga Nawalan ng Trabaho Dahil sa *Covid-19*
- G. Buhay na Kakaharapin ng mga Umuwing *OFW* dahil sa *COVID-19*

PAKSANG NAPILI: _____

TEORYA o MGA KONSEPTONG NAPILI: _____




Isaisip

Batay sa iyong natutunan sa ating talakayan, suriin mo ang mga sumusunod na aytem at ilagay ito sa tamang hanay ng konsepto na may kaugnayan dito.

1. Ayon sa Department of Health, isang tao kada 13 segundo, o isang milyong katao taon-taon, ang namamatay dahil sa paninigarilyo.
2. Maaari rin itong kumuha ng mga modelo o mga teorya na aakma sa layunin ng pananaliksik.
3. Nakabatay sa mga konseptong may kaugnayan sa pangunahing baryabol ng pananaliksik.
4. Sa paglalarawan sa datos, maaaring gumamit ng biswal na representasyon katulad ng *line graph*, *pie graph*, at *bar graph*.
5. Ito ay mga teorya na magkakaugnay para sa proposisyon ng papel.
6. Isang modelo batay sa isang pag-aaral.
7. Ang *line graph* ay nababagay gamitin kung nais ipakita ang pagbabago sa baryabol o numero sa haba ng panahon.
8. Ito ay may *focal point* para sa dulong na gagamitin sa saliksik sa isang tiyak na larang upang masagot ang katanungan.
9. Ito ay nakabatay sa mga teoryang umiiral na subok at may balidasyon ng mga pantas.
10. Hindi pa tinatanggap ngunit isinasangguni ng mananaliksik batay sa suliranin ng pananaliksik na ginagawa.

Datos Empirikal (A)	Balangkas Teoretikal (B)	Balangkas Konseptwal (C)




Isagawa

Ang pananaliksik na ito na may paksang *Ang Epekto sa Paggamit ng ICT sa Pagtuturo sa Senior High School sa Paliparan III Senior High School* ay binigyan ng balangkas konseptwal upang higit na maintindihan at malaman ang tutunguhin ng pag-aaral na ito.

Ano kaya ang mga konseptong maaaring maging laman nito upang mabuo ang daloy ng konseptwal na balangkas? Pumili ng sagot sa ibaba. Pagkatapos, isulat sa kahon ang tamang sagot.

- A. Mga mag-aaral ng baitang 11 at 12 *senior high school* (respondente)
- B. Paggamit at pagkatuto sa paggamit ng ICT
- C. Estratehiya sa Pagtuturo
- D. Guro
- E. Mga Kagamitan sa ICT
- F. Resulta






Tayahin

A. Tukuyin ang konseptong inilalarawan sa bawat bilang. Isulat ito sa iyong sagutang papel.

- ___ 1. Ito ay nagtataglay ng pinagsama-samang magkakaugnay na konsepto upang maipaliwanag o masagot ang haypotesis ng ginagawang saliksik.
- ___ 2. Ito ay nakabatay sa teoryang umiiral na subok at may balidasyon ng mga pantas.
- ___ 3. Impormasyong nakalap mula sa ginawang pangangalap ng datos.
- ___ 4. Uri ng datos na patalata ang paraan ng paglalarawan.
- ___ 5. Nagsisilbing “*blueprint*”o gabay ng pananaliksik

B. Suriin ang bawat pahayag tungkol sa mga konsetong ating tinalakay. Isulat ang TAMA kung wasto at MALI kung hindi ang pahayag.


- ___ 6. Maaaring gumawa ng sariling estruktura upang mabuo ang balangkas konseptwal.
- ___ 7. Katuwang ng mananaliksik ang balangkas teoretikal at konseptwal upang masagot ang suliranin o maipaliwanag ang baryabol ng pananaliksik.
- ___ 8. Ang *Pie Graph* ay maaaring gamitin upang ipakita ang pagbabago sa paglipas ng panahon.
- ___ 9. Maaaring lumikha ng sariling teorya sa ginagawang pananaliksik
- ___ 10. Subok na ng mga pantas ang binubuong sariling balangkas konseptwal ng mga mananaliksik.
- ___ 11. Ang balangkas konseptwal ay ginagamit upang mapaunlad ang teorya.
- ___ 12. Ang *bar graph* ay nababagay gamitin kung may dalawa o higit pang datos na magkakahiwalay ay ipinaghahambing.
- ___ 13. Mahalagang maging tapat ng paglalahat ng datos empirikal batay sa naging resulat ng pananaliksik.
- ___ 14. Maaaring gawin ang pananaliksik nang hindi gumagamit ng balangkas.
- ___ 15. Ang mga konseptong pananaliksik ay nariyan upang maging gabay sa binubuong pananaliksik.



Karagdagang Gawain

Sa iyong nabuong Balangkas Konseptuwal tungkol sa pananaliksik na *Ang Epekto sa Paggamit ng ICT sa Pagtuturo sa Senior High School sa Paliparan III Senior High School* gawin ang mga sumusunod. Isulat sa iyong sagutang papel ang sagot.

1. Magtala ng mga kagamitan na may kaugnayan sa ICT ang ginagamit ng iyong guro sa patuturo.
2. Alin sa mga ito ang sa palagay mo ay nakutulong sa iyong pagkatuto?
3. Ilapat sa isang grapikong representasyon ang iyong sagot.
4. Buuan mo ng balangkas konseptwal at teoretikal ang paksa ng pananaliksik. Ibatay ito sa inyong paaralan.



Susi sa Pagwawasto

<p>Pagymanin</p> <p>UNANG LINGGO:</p> <p>1. Pagsasanay A. balangkas teoretikal</p> <p>Pagsasanay B: Balangkas konseptwal</p> <p>2. (sariling sagot ayon sa talakayan sa Surtin)</p> <p>IKALAWANG LINGGO:</p> <p>Paksa: (napiling paksa) Teorya o Konsept: (sariling sagot)</p>	<p>Balikan</p> <p>3 1 4 2</p> <p>Tuklasin</p> <p>1. Pagbubukas ng Klase sa kabila ng Pandemya o COVID- 19 2. (sariling sagot)</p>	<p>Subukin</p> <p>1.A 2.D 3.A 4.C 5.C 6.D 7.A 8.B 9.D 10.D 11.BK 12.BK 13.BT 14.BK 15.BT 16.BT 17.BK 18.BK 19.BT 20.BK</p>
<p>Tayahin</p> <p>UNANG BAHAGI:</p> <p>1. Balangkas Konseptwal 2. Balangkas Teoretikal 3. Datos Empirikal 4. Tekstwal 5. Balangkas</p> <p>IKALAWANG BAHAGI:</p> <p>6. Tama 7. Tama 8. Mali 9. Mali 10. Mali 11. Tama 12. Tama 13. Tama 14. Mali 15. Tama</p>	<p>ISAGAWA</p> <p>1.D 2.A 3.C 4.B 5.E</p>	<p>ISAISIP</p> <p>1.A 2.C 3.C 4.A 5.B 6.B 7.A 8.B 9.B 10.C</p>

Sanggunian

Abadejos, J., Bello, K., Chua, S., Salita, K., Sison, E., Mga batas ukol sa child abuse. (di-nailimbag na manuskrito) Manila :De La Salle University, 2016. [https://d1wqtxts1xzle7.cloudfront.net/53835582/Child Abuse.pdf](https://d1wqtxts1xzle7.cloudfront.net/53835582/Child%20Abuse.pdf)

Adom, D. Theoretical and conceptual framework: Mandatory Ingredients of A Quality Research. International Journal of Scientific Research 7 January 2018. (1):438-441. Binuksan noong Hunyo 10, 2020 sa https://www.researchgate.net/publication/322204158_THEORETICAL_AND_CONCEPTUAL_FRAMEWORK_MANDATORY_INGREDIENTS_OF_A_QUALITY_RESEARCH

Bruchh96, Pagbibigay-kahulugan o depenisyon.docx-Pagbibigay, 2019. Binuksan noong Hunyo 10, 2020 ang <https://www.coursehero.com/file/44142703/pagbibigay-kahulugan-o-depenisyondocx/>

CountPuppyMaster2026.,. Datos empirical at iba pa.docx-pagsulat na ng pananaliksik, 2019. Binuksan noong Hunyo 10, 2020 sa <https://www.coursehero.com/file/44623575/DATOS-EMPIRIKAL-AT-IBA-PAdocx/>

Imenda, S., Is there a conceptual differences between theoretical and conceptual frameworks? 2014, Kamla-Raj: J Soc Sci, 38 (2), ph 185-195. Binuksan noong Hunyo 10, 2020 sa <https://academicguides.waldenu.edu/library/conceptualframework>

Pananaliksik ukol sa Depresyon at Pagkabahala. Binuksan noong Hunyo 11, 2020, <https://pdfslide.net/documents/pananaliksik-ukol-sa-depresyon-at-pagkabahala.html>

Southville International School and Colleges-Las Piñas. Ang konseptuwal na balangkas at naglalaman ng konsepto. Binuksan noong Hunyo 10, 2020 sa <https://www.coursehero.com/file/44142703/pagbibigay-kahulugan-o-depenisyondocx/>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph